

PROLOGUE

Hindi maaaring inggit ang nararamdaman ni Caden Messner habang pinagmamasdang magkayakap na nagsasayaw ang kanyang best friend na si Tristan Hanaway at ang bago nitong asawa na si Sidney. Well, hindi talaga *bagong* asawa dahil ikinasal na ang dalawa lampas dalawang taon na ang nakalilipas sa isang quickie wedding sa Las Vegas, pero kanina lamang ikinasal ang mga ito sa simbahan. Siya ang tumayong Best Man.

Masaya siya para sa kaibigan dahil halatang mahal na mahal nito si Sidney. Isa pa, naka-jackpot ito sa babae. Alam niyang unang nagustuhan ni Tristan ang ugali nito pero napakasuwerte ng loko na mukhang *Victoria's Secret* Angel pa si Sid. Kadalasan, ang mga ganoon kaganda, bagsak sa personality test. Masyadong maraming kilala si Cade na ganoong klase ng babae.

Which was why single pa rin siya at allergic sa seryosong relasyon. Hindi pa siya handang lumagay sa tahimik. Kung kaya hindi niya maintindihan ang nararamdaman. Bakit niya pinanonood sina Tristan at Sidney na may inggit?

“Hey,” bulong ng kanyang date na si Dominique. “Masyado kang tahimik.”

“Ha? Ah, wala. Naiisip ko lang noong mga bata pa kami ni Tristan,” sagot niya sa Ingles. Inakbayan niya ang babae para i-distract ito sa pagkabalisa niya. “Parang hindi lang kasi ako makapaniwalang may asawa na talaga siya. Dati kasi parang hindi totoo na may asawa siya. Hindi pa kasi namin nakikilala si Sid noon.”

Sinulyapan ni Dominique ang bride. “She’s pretty enough,” puna nito na may tono ng pangungutya.

Tunay na modelo si Dominique, hindi man ng *Victoria’s Secret* pero ng ibang brand ng underwear. May mukha ito ng isang beauty queen at katawan ng isang porn star, salamat sa isang batikang plastic surgeon. Hindi ito mahiyain kaya agaw-eksena ito sa suot na scarlet red na halter-top dress na backless at may slit hanggang singit, at kulay pula ring high heels. Magaling itong conversationalist at pati na rin sa kama, at sinisiguro ni Cade na napapakinabangan niya ang mga talento nito.

Nagkakilala sila habang nagbabakasyon siya sa Caribbean kung saan ginanap ang cover spread ng swimsuit edition ng *Sports Illustrated*. Nakilala siya ng isa sa mga photographers at nagpaalam kung maaari

siyang kunan ng larawan. Naintriga si Dominique sa kanya kaya nagpakilala ito at inaya siyang mag-bar. Matapos ang hindi na niya mabilang na baso ng rum cocktails, nagising na lang siyang hubo't hubad sa kama at nakapulupot ang babae sa kanya.

Isang taon na silang friends with benefits, tinatawagan ang isa't isa kung kailangan nila ng date sa isang event o kung kailangan nila ng ka-date sa kama. Naiintindihan ng babae ang hanap ni Cade sa isang relasyon dahil ganoon din ito. Iyon siguro ang dahilan kung bakit nagtagal silang dalawa.

“Kailangan mo bang mag-stay dito hanggang mamaya?” tanong ni Dominique na halatang bored na sa mga nagaganap. “O puwede ka bang umalis nang mas maaga?” Lumapit ito sa kanya, mabilis na hinalikan ang kanyang mga labi bago inilapit ang bibig sa kanyang tainga. Kinagat nito ang punong-tainga niya at bumulong, “I have plans for you.”

Mahigpit niyang hinawakan ang kamay nito at tumayo. “Let's go.”

Matapos ang ilang oras, habang nakahiga sa dilim, yakap ang natutulog na dalaga, hindi pa rin niya maalis sa isip ang hindi matatawarang ligaya sa mga mata ni Tristan habang yakap-yakap ang asawa.

Adrenaline Rush - Elise Estrella

Ligaya iyon na hindi pa nararanasan ni Cade, at malamang ay hindi na mararanasan pa. At ikinalungkot iyon ng binata.

1

Muntik nang umikot ang mga mata ni Charmaine Esguerra nang pagbuksan ng pinto ng coach si Dominique, ang underwear model na on-again, off-again girlfriend ng kanyang boss, race car driver at commitment-phobe na si Caden Messner. Akala niya ay break na ang dalawa pero dahil wala namang instructions na iniwan ang boss na huwag papasukin ang babae sa coach nito, mukhang on-again ang mga ito ngayon.

“Is your boss around?” tanong ng mahadera na wala man lang paunang bungad.

“No, he’s out on the track. He has a qualifying run,” sagot niya na nanatiling nakatayo sa pinto ng coach.

Tinaasan siya ng kilay ni Dominique at mabagal itong humalukip. Tiningnan lang ito ni Charmaine. “Well,” mataray na saad ng babae. “Aren’t you going to let me in?”

Natukso siyang sabihin na ayaw niyang magpapasok ng mga estranghero sa mobile home ng kanyang boss pero alam niyang gagawa lang

ng eksena ang bruha na ikasasakit pa ng ulo, hindi lamang ni Cade kundi ng buo nitong team sa *Hanaway Motorsports* kung kaya tumabi siya at pinadaan ang gaga.

“Bring my bag,” sabi nito nang lampasan siya at nakita niyang inilapag pala nito sa lupa ang isang monogrammed na *Louis Vuitton* travel bag.

Nanlaki ang mga mata at mga butas ng ilong ni Charmaine.

Sunugin ko pa ’yang bag mo, eh.

Pero bumaba pa rin siya ng mga baitang at dinampot ang bag ng bruha. Darating ang panahon, kapag nagsawa na si Cade sa mahaderang ito, si Charmaine ang mangungunang tutulong sa lalaking magtapon ng mga gamit na alam niyang sadyang iniwan ni Dominique sa coach para markahan ang akala nito ay teritoryo nito.

To date, nag-iwan na ang babae ng isang tube ng pokpok red lipstick, isang silk stocking, isang pares ng kulay itim na lace panties at isang kulay pulang demi-cup bra sa ilang strategic na lugar sa coach ni Cade, mga lugar na hindi mami-miss ng ibang babae kung sakaling magdala nga roon ng bagong girlfriend ang kanyang boss.

Not that he didn't deserve it dahil sa huling kuwenta ni Charmaine, nakakatatlong babae na si Cade habang off-again ito at si Dominique, pero bitchessa move pa rin ang ginagawa ng babaeng ito para sa kanya, at isang tanda na insecure ang loka-loka. Kung hindi ba naman ito insecure, wala na itong sinabing maganda tungkol sa ibang babae.

Minsang nadinig ni Charmaine na patago nitong nilalait si Sidney, ang asawa ng best friend ni Cade na si Tristan. Naging kaibigan na ni Charmaine si Sid at bukod sa pagiging mabait nito at sweet, napakaganda rin nito. Kaya lalong umasim ang pakiramdam ni Charmaine kay Dominique dahil ang kapal ng mukha nitong laitin ang hitsura at fashion sense ng kanyang kaibigan.

“Ba't di ka na rin magpamasahe sa 'kin? Feeling mo naman alipin mo 'ko, di ba?” bulong niya bago walang ingat na ibinagsak ang bag ng bruha sa sahi sa tabi ng sofa.

Lumabas si Dominique ng silid ni Cade, malamang nakapag-visual inspection na kung may gamit ng ibang babae roon. Next time talaga, isasabit na ni Charmaine ang sarili niyang bra sa headboard.

“Tell someone to get me something to eat,” utos nito bago tumungo sa bag para buksan iyon.

“Ask Nolan.” Siniguro niyang bigyang-diin ang salitang ‘ask’ para ipamukha rito na bastos ito. “He’s outside. I’m going back to work.” Tinalikuran niya ito bago pa niya ito masipa sa puwet. Bastos na kung bastos pero naupo siya sa tapat ng computer at naglagay ng earbuds sa tainga bago binuksan ang e-mail client sa computer at ni-click ang unang e-mail sa listahan.

Kailangan niyang i-organize ang schedule ni Cade, siguruhing walang nag-o-overlap sa mga ito at maging posible at madali na magampanan nito ang trabaho bilang *NASCAR* driver na hindi nakakamiss ng mga meetings, press conferences, public appearances at iba pa. Madalas yaya rin siya, lalo na sa umaga dahil hindi morning person ang boss at kailangan ng drastic measures para magising ito at mahila paalis sa kama.

Pero wala siyang mairereklamo. Bilang isang malaking racing fan, dream come true sa kanya ang trabaho.

Nagretiro na ang dating assistant ni Cade at inirekomenda siya rito ng assistant ni Tristan na si Tita Sylvia. Best friend ni Tita Sylvia ang kanyang Lola Genie na nahuli lang nang kaunti na magmigrate sa America. Hindi nawalan ng komunikasyon

ang dalawa at nang mapetisyon si Charmaine, agad na tumulong si Tita Sylvia na makahanap siya ng trabaho.

Nagkasundo naman sila ni Cade dahil una, madaling kausap ang binata. At ikalawa, he didn't hit on her.

Hindi siya man-hater, pero kung si Cade na lang ang nag-iisang lalaki sa mundo, hindi niya ito papatulan. Mataas ang standards niya pagdating sa lalaki at wala sa listahan ng mga gusto niyang qualities ang pagiging playboy at takot sa commitment.

Kung sa hitsura lang, wala siyang masasabi tungkol sa boss maliban na lang sa maganda talaga kapag may halong dugong Pinoy ang dugo ng banyaga. Dark brown at tuwid ang buhok nito at kulay denim blue ang mga mata. Minsang kausap niya ito at napatingin siya sa mga iyon, napuna niya na parang may streaks pa ng gold ang mga irises nito.

His face was a bit narrow, with high cheekbones and a straight nose and a full mouth. Kapag ngumingiti ito, talaga namang nagliliparan sa direksyon nito ang undies ng mga kababaihan. Idagdag pa na disiplinado ang lalaki pagdating sa pagwo-workout kung kaya't parang nililok ang dibdib at abs nito, at maskulado ang mga braso at mahahabang binti.

Hindi sa pinagpapantasyahan niya ang boss niya. Palagay ni Charmaine, ang dahilan kaya maayos ang trabaho niya ay dahil professional silang magturingang dalawa, at kung hindi man sila close, wala siyang reklamo. Naroon siya para maging assistant ng binata, hindi para maging kaibigan, at lalong hindi para maging fangirl kahit pa, secretly, fan talaga siya nito. Fan siya ng lahat ng drivers ng *Hanaway Motorsports*.

Inilista niya sa schedule ni Cade ang isang interview para sa isang talk show at napangisi nang may kapilyahan nang marinig sa likod ng music na nanggagaling sa kanyang earbuds na sinupladuhan ng driver ni Caden na si Nolan si Dominique.

“Get your own damn dinner,” sikmat ng lalaki.

Buti nga sa 'yo.

Hindi man si Cade ang nakakuha ng pole position—ang unang posisyon sa starting lineup—sa susunod na karera, hindi na masama na nasa third row siya. Isa pa, parehong miyembro ng *Hanaway Motorsports* ang nasa unahan, sina Tristan Hanaway, ang best friend niya at pamangkin ng team owner nilang si Simon Hanaway, at si Jefferson Aranda.

Katabi niya sa third row ang isa pa niyang teammate na si Elliot Garcia. Hindi na talaga masama para sa team. Ibabalita niya iyon sa kanyang assistant.

Tatlong buwan nang nagtatrabaho para sa kanya si Charmaine pero parang hindi pa rin siya sanay rito. Close kasi sila ng dati niyang assistant na si Sherry. Parang mas naging nanay pa niya ito kaysa sa tunay niyang ina. Kaya lang mapipigilan ba niya ang babae kung gusto na nitong magretiro at lumipat sa Florida kasama ng asawa nito?

Si Charmaine kasi, parang ilag sa kanya. Kung hindi lang niya sinabi na tawagin siya nitong Caden o Cade, baka hanggang ngayon Mr. Messner ang tawag nito sa kanya.

Si Mr. Messner ay ang kanyang ama, billionaire Jonathan Messner of the *Connecticut Messners*, business tycoon at miyembro ng American royalty. Si Cade ay si Cade lang, hamak na stock car racer.

Inalis niya ang suot na ball cap na may logo ng kanyang sponsor na telecom company at idinaan ang mga daliri sa kanyang buhok. Gusto na lang niyang mag-shower at kumain. Ayain kaya niyang mag-dinner sa labas si Charmaine? Napangiti siya roon dahil noong huling beses niya itong inayang mag-dinner, casually, in a friendly manner, pinagmasdan

lamang siya nito na para bang sinasabing ‘Ano ka, hilo?’ bago tumanggi.

“Pangit tingnan na kasama mong mag-lunch sa labas ang assistant mo, Mr. Messner.”

Kaya nauwi na mas pangit tingnan dahil si Nolan na driver ng kanyang coach, isang higanteng mama na 6’6” at two hundred sixty pounds, naka-crew cut at maskulado, ang naging date niya sa tanghalian.

Umakyat siya sa kanyang coach at awtomatikong dumako ang mga mata sa work area ni Charmaine. Nakaupo roon ang babae, nakaharap sa screen at mabilis na kumikilos ang mga daliri sa ibabaw ng keyboard. Tuwid itong nakaupo na para bang may ruler sa spinal column. Nakapusod ang buhok, nakasuot ang dalaga ng no-nonsense na blusang puti, itim na palda at kulay itim na flat shoes. Mukha itong stereotypical na librarian. Kulang na lang ay salamin.

Pero maganda si Charmaine kung lalampasan nito ang *ice queen* persona at boring nitong office attire. Bilugan at nangungusap ang brown nitong mga mata na napapaligiran ng makakapal na pilik, matangos at manipis ang ilong at maganda ang hugis ng mga labi na manipis sa itaas at full at kissable ang pang-ibaba.

Mag-makeup lang ito nang kaunti at magbihis nang mas sexy, magkakainteres siya rito, higit pa bilang boss nito.

“Hey, Charmaine,” bati ni Cade at lumingon ang babae. Agad niyang napuna ang linya sa pagitan ng mga kilay nito. Nagtaas siya ng mga kamay. “O, ano na naman ang ginawa ko?”

“Nasa kuwarto mo si Dominique.”

Natigilan siya bago bumuntong-hininga.

“Wala kang instructions tungkol sa kanya kaya pinapasok ko,” sabi nito na may himig paninisi.

Gayunpaman, kinailangang pigilan ni Cade na mangiti dahil naririnig din niya sa tinig nito ang obvious na pagkainis kay Dominique.

“Okay lang. Ako nang bahala. Nag-dinner ka na?”

“Oo,” sagot nito. “Binilhan ka namin ni Nolan ng pagkain. Mexican food. Nand’on sa counter.”

“Thanks. Nasaan si Nolan?”

Umikot ang mga mata ni Charmaine. “Umalis. Inutusan ni Señorita Maldita na bumili ng pagkain. Ayaw niya ng Mexican.”

Hindi na napigilan ni Cade ang maaliw sa tono ng

assistant. Malakas siyang tumawa. Bumukas ang pinto ng kanyang silid at lumabas si Dominique na nakasuot ng isang mahaba at makapal na robe. Masaya itong ngumiti nang makita siya at nagmamadaling lumapit para gawaran siya ng isang mahaba at masiglang halik.

“Hi, Babe,” bati nito na hawak sa mga kamay ang magkabila niyang pisngi. “What took you so long?”

“Ah, I have a job, Dominique. I drive. Remember?”

“Well,” mapang-akit nitong sabi bago mas lumapit sa kanya at bumulong. “Why don’t I help you relax after a long work day?” Hinaplos nito ng mga daliri ang kanyang dibdib.

Hindi alam ni Cade kung imahinasyon lang niya na narinig niyang suminghal si Charmaine pero nakatalikod na itong muli sa kanila at nakapasak na ang earbuds ng *iPhone* nito sa mga tainga.

Hinawakan niya ang kamay ni Dominique. Nakapagtata kang wala siya sa mood, at maaaring kailangan niyang magpa-check ng utak dahil hindi man lang siya nakadama ng kahit kaunting interes sa alok nito. Parang mas na-arouse pa siya nang maisip ang burrito at grilled shrimp taco salad na naghihintay sa kanya sa kusina kaysa sa underwear

model na malamang ay iyon lamang ang suot sa ilalim ng bathrobe nito.

“Why don’t you let me take a shower first?”

Lumawak ang ngiti ni Dominique. “Can I wash your back?”

Pinilit niyang tumawa. “Why don’t you wait in the bedroom? I won’t be long.”

Lumabi si Dominique pero tumango. “Hurry,” anito bago siya tinalikuran at naglakad pabalik sa pinto ng silid. In-exaggerate nito ang pagkembot, nilingon siya, kinindatan bago tuluyang pumasok ng silid.

“I’m not up for this,” bulong ni Cade.

“Gusto mong ipasok ko muna sa ref’yong burrito mo?”

Nilingon niya si Charmaine at umiling. “Gutom na ’ko. Maliligo lang ako ’tapos kakain na ’ko.”

“How did the qualifying run go?” tanong ng assistant.

Muli siyang napangiti sa tuwa nang maalala ang resulta ng qualifying. “Not bad. Tristan’s at the pole position. Jeff’s beside him, and Elliot and I are

Adrenaline Rush - Elise Estrella

in the third row.” Ngumiti si Charmaine at hindi niya napigilan ang tumugon. She was just so darn cute when she smiled. So hindi, hindi talaga siya nagkamali na kunin ito bilang assistant.

2

Matagal na nagbabad sa ilalim ng shower si Cade na halos makatulog na siya roon. Nag-shampoo siya, nagsabon at nang makapagbanlaw, tinuyo ang sarili gamit ang isang makapal na tuwalya. Ibinalot niya ang tuwalya na iyon sa kanyang balakang at kumuha ng isa pa para tuyuin ang buhok bago siya lumabas ng banyo. Napahinto siya nang muntik na niyang mabangga si Charmaine.

Agad niyang tinakpan ang kanyang dibdib. “Sorry,” sabi niya rito.

Nagtaas ng isang kilay ang assistant. “It’s okay,” anito. “I’m not interested in your chest.”

Aba, teka lang...

“Hinanda ko na sa counter ang hapunan ninyo ni Dominique,” patuloy nito na nakatingin sa dala nitong *iPhone* na ni minsan ay hindi pa yata nito binitawan. “May ten a.m. kang autograph signing sa *Kroger*, then a drivers’ meeting at two p.m. Darating ako dito ng eight ng umaga. Dapat nakabangon ka na noon kasi kung hindi, ipapagising kita kay Nolan at siya na rin ang magpapaligo sa ‘yo.”

At dahil ‘hindi interesado’ si Charmaine, isinabit na lang ni Cade sa isang balikat ang hawak na tuwalyang ginagamit na pantuyo ng buhok. Hindi pala ito interesado sa malapad niyang mga balikat, well-developed pectoral muscles at six-pack abs? Puwes, pagtiyagaan na lang nitong nakalantad sa paningin nito ang upper body niya.

“ten a.m. autograph signing, two p.m. meeting. Got it.”

Tumango si Charmaine. “I’ll see you tomorrow.”

Nang tumalikod ito, kumunot ang noo ni Caden. Ni hindi man lang nito sinulyapan ang abs niya! Aba, mukhang seryoso yata ito nang sabihin nitong hindi ito interesado.

Bago ’yun, ah.

Pinanood niyang bumalik sa mesa ang dalaga. Patay na ang computer nito at maayos na ang mga papel at writing materials. Tumungo ito at kinuha ang bag na nasa pinakaibabang drawer sa pedestal nito.

Kung hindi interesado ang assistant at hindi man lang sinulyapan ang biyayang nakalantad na sa harapan nito, ibahin nito si Cade. Pinagmasdan niya ang pang-upo ni Charmaine nang abutin nito ang bag at muntik nang mapasipol sa kinis at puti

ng mga binti ng babae.

“Good night, Caden,” tawag nito na hindi lumilingon.

“Night, Charmaine.”

Naiwan siyang nakatayo sa tapat ng pinto ng banyo at bumuga siya ng hangin. Paano nangyaring nagkaroon siya ng isang magandang assistant na hindi interesado sa kanya? Sayang ang pagkakataon.

Saka niya naalala si Dominique na nasa kanyang silid. Damn. He was going to have to deal with her.

Lalong-lalo na nang buksan niya ang pinto ng silid at nakitang patay ang ilaw pero nagkalat sa paligid ang mga kandilang may sindi. Nakahiga si Dominique sa kama, naka-model pose at bukas ang suot na robe para ipakita ang underwear set na gawa sa sheer black lace at wala nang itinago.

Natigilan siya, hindi dahil natulala siya sa kagandahan nito kundi dahil sa gulat na mas interesado talaga siya sa burrito at tacos na nasa counter sa kusina.

“You like?” mapang-akit na tanong ni Dominique.

Hindi kaagad nakasagot si Cade. Hindi niya alam ang isasagot. Marahang tumayo ang modelo at inabot

ang tuwalyang nakabalot sa balakang niya. Doon siya natauhan. Hinuli niya ang mga kamay nito.

“Dominique, I—” *I what?* “Sweetie, don’t take this personally but I’m really just tired and...”

Bumagsak ang mga balikat ng babae. “You’re not in the mood.”

Mabagal siyang umiling.

Isinara ng babae ang suot na roba at itinali ang belt niyon sa baywang. “Bakit hindi mo na lang sabihin na nagsasawa ka na sa ’kin?” tanong nito sa Ingles.

“I’m not!” defensive niyang saad bago nagtungo sa cabinet at kumuha ng isang pares ng cargo shorts at isang lumang sweatshirt.

“Yes, you are,” giit ng babae sa likod niya.

Bumuntong-hininga siya at nagsimulang magbihis. Binuhay ni Dominique ang ilaw. Nang lingunin niya ito, nakita niya ang nagniningas na galit at pagkainsulto sa mga mata ng modelo.

“It’s not you,” simula niya pero napigilan ang sarili bago niya masabi ang napaka-corny na *it’s me*. “Pagod lang talaga ako ngayon,” patuloy niya sa Ingles. “Saka nagugutom ako. Kaninang tanghali pa

ako hindi kumakain.”

“You’re bored of me.”

To lie or not to lie, that is the question...

“I told you it’s not you.”

“Then what?” singhal ng babae at naghanda si Cade dahil baka kailanganin niyang sumalo ng kung anong bagay na ibabato nito sa kanya.

“I’m tired of dating in general,” defensive niyang saad at nagulat nang maramdamang totoo ang kanyang sinabi. Na iyon talaga ang nararamdaman niya. “I just want to be single for a while.”

Tumawa si Dominique, mapangutya, at parang katunog ng pagtawa ng mangkukulam sa mga pelikula. “Huwag kang magsinungaling sa ’kin.”

“I’m not lying to you.”

“I’m also not stupid.” Nagtungo na ang dalaga sa bag nito at nagsimulang mag-empake, salamat sa Diyos! Hawak nito ang isang maiksing palda nang balingan siya. “And I’m going to bet you a thousand dollars that the next time we see each other again, you’re dating your assistant.”

“What?” natatawang bulalas ni Caden. “Who,

Charmaine? No. No way.”

Namaywang si Dominique. “Sa tingin mo, hindi ko nakikita kung paano mo siya tingnan?” mapaghamon nitong tanong.

“Kung paano ko siya tingnan... What are you talking about?” Nakadama na siya ng panic. “Besides, she doesn’t even like me.”

Mabagal na humalukipkip ang dalaga. “Bet?”

May isang bagay na hindi matalikuran si Caden mula pa pagkabata at iyon ay ang pustahan. Noong bata sila ni Tristan, kung saan-saang kalokohan sila nasusuot dahil lamang sa mga katagang “*I bet you can’t*” mula sa best friend. Gayunpaman, hindi na siya natuto. Hanggang ngayon, hindi pa rin siya natututo. Humalukipkip din siya.

“A thousand dollars that in one month, you’ll be sleeping with your assistant,” ulit ni Dominique.

“And I’ll bet a thousand dollars that I won’t be,” sabi ni Cade.

Medyo kabastusan na makipagpustahan siya tungkol sa assistant niya pero inisip na lang niyang hindi naman siya nakikipagpustahan na maikakama niya si Charmaine. Sa katunayan, it was the other

way around, nakikipagpustahan siya na *hindi* niya maikakama si Charmaine ‘I’m-not-interested’ Esguerra.

Nagkibit-balikat si Dominique. “One month, Cade,” sabi nito bago nagsimulang magbihis.

“Let me take you to a hotel.”

“No need. I can get to one myself.”

Gayunpaman, nagpumilit si Cade na ihatid ito sa isang hotel. Nagpumilit din siyang siya na ang magbayad bilang siya ang dahilan kaya sa *Richmond* ‘nauwi’ si Dominique.

Nang makauwi siya sa kanyang coach, alas diez na ng gabi at nanginginig na siya sa gutom. Dumerecho siya sa refrigerator at parang umawit ang langit at nagliwanag ang buong paligid nang makita niya ang burrito na isinaksak niya roon bago umalis.

Hindi na iyon ininit ng binata. Kinain na niya iyon kaagad habang nakatayong nanonood ng TV mula sa kusina. Nagligpit siya, nag-toothbrush at naghubad ng damit. Nakahubad siyang bumagsak sa kama, hinila ang kumot at mabilis na nawalan ng ulirat.

Halos magiba ng naiinis na katok ni Charmaine ang pinto ng silid ni Cade. Nang tumawag siya kaninang seven o'clock ng umaga, ungol lang ang isinagot nito sa kanya nang sabihin niyang bumangon na ito at maligo para pagdating niya sa coach ng alas ocho, mag-aalmusal na lang ito bago sila umalis para sa meeting.

Pero ngayon, nakakulong pa rin sa silid si Cade. Patay ang mga ilaw sa coach, tuyo ang sahig ng banyo na nagsasabing hindi pa naliligo ang lalaki, at naka-lock ang pinto ng kuwarto nito.

Sinubukan lang naman iyong pihitin ni Charmaine. Hindi niya bubuksan ang pinto—wala siyang balak na makita ang hubad na katawan ni Dominique kung sakaling nag-'celebrate' ang dalawa noong nakaraang gabi, ano! Nang masigurong naka-lock iyon, nilakasan niya lalo ang katok.

“Come on, Caden!” malakas niyang tawag. “We don't have time for whatever you're doing this morning!” Ayaw niyang derechuhing wala na itong time para sa kung anumang ginagawa nito kay Dominique.

Nakarinig siya ng kalabog at umatras siya, humalukipkip at sumimangot. Maaga pa naman. Maaga siya laging nagpupunta sa coach o sa hotel

room ni Cade dahil binalaan siya ng dati nitong assistant na mahirap ngang gisingin ang binata. May oras pa para maligo, magbihis at mag-breakfast si Cade kung kaya't hindi niya alam kung bakit inis na inis siya sa binata nang umagang iyon.

Nang bumukas ang pinto, lalong kumulo ang dugo niya nang makitang nakahubad ang amo. Hawak lamang nito ang kumot sa harapan para takpan mula sa paningin niya ang mahahalagang bahagi ng katawan nito. Magulo ang buhok, naniningkit ang mga mata, may linya-linya pa sa pisngi si Cade. Kung hindi lang matigas at maskulado ang katawan nito, mukha itong batang ginising ng nanay para pumasok sa eskuwelahan kung saan ito kasalukuyang nasa grade two.

“Late na ba?” Garalgal ang tinig nito at napaka-sexy.

And damn it, she didn't need this. Lalong kumulo ang dugo ni Charmaine.

“Kung bumangon ka nang mas maaga, hindi ka male-late,” turan niya. “At kung hindi ka pa kikilos ngayon, lalo tayong male-late.”

Tinalikuran siya ni Cade. At sayang dahil naalala nito sa huling sandali na wala itong suot na

underwear kaya ibinalot nito ang kumot sa baywang. Dahil iniwan nitong nakabukas ang pinto, nasilip ni Charmaine ang kama nito. Gulu-gulo ang bedsheets pero isang bahagi lamang niyon ang lukot, indikasyon na mag-isang natulog doon si Cade.

Unless natulog na nakahiga sa ibabaw nito ang demonyita.

Muling sumulpot si Cade na may dala nang tuwalya. “Maliligo na po, maliligo na.”

Nagmamadali siya nitong nilampasan at isinara ang pinto ng banyo.

Dapat lumayo na siya. Dapat nagtungo na siya sa kusina para simulan ang paggawa ng kape para sa kanila. Pero hindi natiis ni Charmaine ang sarili. Sumilip siya sa silid at nasigurong wala ngang tao roon. Walang Dominique na hubad na nakahiga sa sahi. Ni bag nito wala roon.

Nagmamadaling lumabas si Charmaine at isinara ang pinto sa likuran niya. *Ano ngayon?* Wala naman siyang pakialam kung sino ang ikinakama ng boss niya. Galit lang talaga siya kay Dominique dahil bruhilda ito at walang respeto sa mga taong pakiramdam nito ay mas mababa ang estado sa buhay kaysa rito.

Nakapaghanda na siya ng kape at toasted bagels na may cream cheese nang nagmamadaling lumabas ng banyo si Cade.

“Sandali na lang ako!” sabi nito na muling nagkulong sa silid.

Naupo si Charmaine sa isa sa mga stools sa kitchen counter na naghihiwalay sa kusina at sa living area ng coach. At least nakuha niyang pagmadaliin si Cade.

Nang lumabas ito ng silid, nakasuot na ito ng kulay khaki na pantalon at itim na long-sleeved polo shirt. Itinutupi nito ang mga manggas niyon nang mamataan siyang nakaupo sa counter.

“Maaga pa?” tanong nito.

“May time pa para mag-coffee,” sabi niya na itinuturo ang mug ng kape. Alam niya ang timpla ng lalaki, coffee na may dalawang kutsaritang cream at isang kutsarang asukal.

“Thank you, Lord,” buntong-hininga nito bago naupo sa tapat ni Charmaine at halos singhutin ang kape.

Si Caden na siguro ang pinaka-komportableng

driver ng *Hanaway Motorsports* pagdating sa pakikipagkita sa mga fans. Hindi masyadong mahilig si Tristan sa meet-and-greet pero ginagampanan nito ang tungkulin dahil kailangan. Si Elliot naman, ang pinakabatang teammate nila, mas gusto ang press conferences dahil sigurado itong hindi magtatagal dito ang atensyon ng mga tao. At si Jeff, mas gusto pang magpa-root canal kaysa boluntaryong makipagkita sa mga fans. Kaya kung hindi rin lang team events, si Caden ang madalas na dumadalo sa mga tulad nitong autograph sessions.

Marami nang tao sa area na itinalaga para sa kanila. Karamihan sa mga naroon ay nakasuot ng T-shirt o jacket na may pangalan o larawan ni Caden o ng kotse nito, ang kulay blue, black and silver na Number 17 car.

Agad na nilapitan ng CEO ng grocery store chain at ng store manager si Caden kung kaya't nagkaroon ng pagkakataon na magliwaliw si Charmaine. Ang mga ito na muna ang bahala sa alaga niya.

Mag-grocery kaya muna siya nang kaunti? Kahit toiletries lang. Nakikipag-debate pa rin siya sa sarili nang mamataan ang isang babaeng wish lang niya ay matagal bago niya makitang muli: si Dominique.

So, nandito pa pala sa *Richmond* ang bruha.

Akma siyang liliko para iwasan ito pero tinawag siya nito. “Charmaine, right?”

Hindi siya sumagot. Sa halip, humalukip lang siya. “What do you want this time?”

Ngumiti ito, iyong ngiting makikita siguro sa mukha ng cobra bago manuklaw. “Why so unfriendly? I was just going to warn you about something.”

“Look, Dominique—”

Pero hindi siya nito pinagsalita. “I know you don’t like me. That’s okay. I don’t like you either. But because I’m a woman and I hate seeing women be taken advantage of, I’m going to warn you about Cade.”

Nabigla si Charmaine. Kung anuman ang iniisip niyang gagawin o sasabihin ni Dominique, hindi ito iyon.

“You see, last night he bet me a thousand dollars that within one month, he’s going to be sleeping with you.”

“What?” malakas niyang tanong at tumango si Dominique.

“That’s what he said. And I think you should know. So that when he tries to seduce you, you know

why.”

Naningkit si Charmaine lalo na nang marinig niya ang hiyawan dahil lumabas na sa entablado ang store manager at sinimulan na nitong i-announce si Cade.

“A thousand dollars?” mabagal at matigas niyang tanong.

“Yeah. See, if I really were a bitch, I’d just let him seduce you, but honey, I’m a woman too. And I don’t like seeing women get hurt. So be prepared.”

Tinalikuran niya si Dominique at humarap sa stage area kung saan lalong lumakas ang mga sigaw, tili at palakpakan nang lumabas na si Caden ‘Adrenaline Rush’ Messner.

“Oh, I will be,” mapagbanta niyang saad.

Pinanood niya si Cade na nakasuot na ngayon ng jacket at ball cap ng sponsor nito. Malaki ang ngiti nito at masiglang kumaway sa mga fans. Mukha itong mabait at harmless, at naalala niya ang hitsura nito nang bagong gising, mukhang batang walang kalaban-laban.

At nakipagpustahan ito na maikakama siya nito sa loob ng isang buwan? Tingnan lang ng lalaking

iyon.

Ang unang impulse ni Charmaine ay umakyat sa stage na iyon at tuhurin ito sa parte ng katawang siguradong magpapabagsak dito, pero alam niyang panandalian lamang ang satisfaction na maidudulot niyon. Malamang makasuhan pa siya ng assault lalo na't gagawin niya iyon sa harap ng halos tatlong daang witnesses. Kailangang mas matinding leksyon ang ituro niya sa kanyang boss.

Habang pinanonood ang binata na kasalukuyang nagbibigay ng maikling talumpati sa stage, nabuo ang isang plano sa isip ni Charmaine. He was going to seduce her and sleep with her within a month for a thousand dollars? Puwes, ano ang masama kung bigyan niya ito ng pag-asa? Tutugunin niya ang pang-aakit nito, magkukunwaring attracted din siya rito hanggang sa subukan na nitong tuparin ang maitim na binabalak.

She'd build his hopes up, maybe seduce him a little, play along. At sa oras na akala nito ay ibibigay na niya ang sarili rito, saka niya isasampal sa mukha nito ang one thousand dollars.

Na puro barya.